



Kabilang ang Renton

# Census 2020

Mahalaga. Madali. Ligtas.



[rentonwa.gov/2020census](https://rentonwa.gov/2020census)



United States®  
**Census  
2020**



# 10

**madaling  
tanong na  
sasagutin**

# 10

**minuto  
ng araw  
mo**

# 10

**-taong epekto  
sa ating  
komunidad**

**Mahalaga** Magkakaroon ng 10-taong epekto sa ating komunidad ang mga resulta ng Census. Tinutukoy ng mga ito ang alokasyon ng milyon-milyong dolyar na pondo para sa mga paaralan, ospital, kalsada, at marami pang ibang mahalagang serbisyo para sa mga bata, nakatatandang mamamayan, taong may kapansanan at beterano, bukod sa iba pa. *Gagawa ng pagkakaiba ang inyong sagot, anuman ang inyong katayuan ng pandarayuhan.*

**Madali** Nagtatanong ang Census ng 10 pangunahing tanong tungkol sa mga indibiduwal na nakatira sa inyong tahanan hanggang sa Abril 1. Sumagot online, sa telepono o sa koreo sa sobrang may selyo.

**Ligtas** Ang mga sagot sa Census ay hindi makikilala, kumpidensyal at protektado ng batas.

## Paano Nakikinabang ang Renton

Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga pederal at pang-estadong pondo na natanggap ng Renton noong 2018. (ISANG taon lang ito! Maaapektuhan ng census ang susunod na SAMPUNG taon.)



**\$3,275,977**

KABUUANG Pongong Pederal na natanggap noong 2018



**\$2,172,073**

Transportasyon Konstruksyon



**\$640,886**

Bultuhang Ayuda sa Pagpapaunlad ng Komunidad



**\$2,300+**

Tantiya kada tao, kada taon



## Araw ng Census ang Abril 1, 2020

Kada 10 taon, naglulunsad ang Estados Unidos ng pambansang census.

**IBILANG ANG IYONG SARILI** at lahat ng nasa inyong sambahayan, kabilang ang mga bagong silang na sanggol noong Abril 1. Kabilang sa inyong sambahayan ang lahat ng taong naninirahan o namamalagi sa inyong tahanan anuman ang kanilang relasyon sa iyo.

United States®  
**Census**  
**2020**

## Ano Ang Dapat Asahan

Tatanungin ka ng 2020 census:

1. kung ilang tao ang naninirahan o maninirahan o mamamalagi sa inyong tahanan sa Abril 1, 2020;
2. kung may iba pa bang nakikituloy sa inyo;
3. kung ikaw ba ay nangungupahan o nagmamay-ari ng inyong tahanan;
4. ang iyong numero ng telepono;
5. ang iyong pangalan;
6. ang iyong kasarian;
7. ang iyong edad/petsa ng kapanganakan;
8. kung ikaw ay may lahing Hispaniko, Latino, o Espanyol;
9. ang iyong lahi; at
10. kung ano ang relasyon ng iba pang naninirahan sa sambahayan sa taong sumasagot sa form.

## Kumpidensyal

Pinananatiling kumpidensyal ng batas ang iyong personal na impormasyon



Hindi maaaring ibahagi ng Kawanihan ng Census ang iyong mga sagot sa iyong landlord, anumang korte o iba pang ahensiya ng gobyerno, kabilang ang FBI, ICE o ang Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bayan (Department of Homeland Security). Hindi maaaring gamitin laban sa iyo ng anumang ahensiya ng gobyerno o korte ang iyong mga sagot.

**Ang Kawanihan ng Census ay HINDI KAILANMAN:**

- » Mag-e-email sa iyo
- » Hihingi ng iyong buong numero ng Social Security, pangalan sa pagkadalaga ng iyong ina, impormasyon sa iyong account sa bangko, pera, o anumang bagay sa ngalan ng isang partido pulitikal.
- » Hihilingin na magpunta sa inyong tahanan.
- » Magbabanta ng pag-aresto sa iyo.



# Makakatanggap ka ng imbitasyon sa koreo

Magkakaroon ang bawat sambahayan sa bansa ng opsyong tumugon online, sa telepono o sa koreo. Makakakuha ng mga palatanungan sa online at telepono sa wikang Ingles at 12 hindi wikang Ingles.

**Tumugon sa online o sa pamamagitan ng telepono**

**MARSO 12-20**

Magpapadala sa koreo ng mga imbitasyon para tumugon.

## ARAW NG CENSUS: Ibilang ang bawat isa sa Abril 1!

**Kung hindi ka pa nakakatugon...**

**ABRIL 8-16**

Ipapadala sa koreo ang mga palatanungan sa papel.

**MAYO-HULING  
BAHAGING HULYO**

Personal na magfa-follow ang mga tagakuha ng Census kung hindi ka pa nakakatugon sa online, sa telepono o sa koreo.



Kabilang ang Renton  
**Census  
2020**

[rentonwa.gov/2020census](https://rentonwa.gov/2020census)

Kung wala kang access sa internet, tawagan ang toll-free na numerong nakalista sa imbitasyon o kontakin ang Tagapangasiwa ng Programa ng Census sa Renton sa 425-430-7728.